# *Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 5*

Sa pagbabalik kay Jacob at sa kanyang pagdurusa sa Haran at kung paanong nahulog siya sa kasalanan ng maraming asawa, ng maling pagpili sa pag aasawa at sekswal na imoralidad, ngayon patuloy nating tatalakayin ang tungkol doon.

***Genesis 31:18*** sinasabi ang sumusunod: ***"18 At dinala ang kaniyang lahat na hayop, at ang kaniyang buong pag-aaring tinipon, ang hayop na kaniyang napakinabang, na kaniyang tinipon, sa Padan-aram, upang pumaroon kay Isaac na kaniyang ama, sa lupain ng Canaan."*** Kaya dito umalis si Jacob upang bumalik kay Isaac na kanyang ama. Gayundin nang maunahan siya ng kanyang father in law na nagtatanong sa kanya kung bakit siya umalis nang hindi sinabi sa kanya at sinabi sa kanya ang mga sumusunod: ***"30 At ngayon, bagaman iyong inibig yumaon, sapagka't pinagmimithian mong datnin ang bahay ng iyong ama ay bakit mo ninakaw ang aking mga dios? " (Genesis 31:30)*** Sinabi niya sa kanya na kinakailangan niyang bumalik dahil nanabik siya sa sambayahan ng kanyang ama, Kaya inaasahan natin na pagkatapos niyang makarating sa Canaan ay diretso siyang pupunta kasama ang kanyang pamilya o mga pamilya upang makilala ang kanyang ama.

Ngunit napagmasdan ninyo ba sa inyong pagbabasa na nang si Jacob ay bumalik mula sa Haran matapos niyang manatili doon ng dalawpung taon ay hindi siya bumalik sa kanyang ama. Isipin mo ang iyong sarili nanatili ka ng dalawpung taon sa isang lugar malayo mula sa iyong bansa at mula sa iyong mga magulang ngunit nang bumalik ka kasama ng iyong pamilya hindi ka pumunta at dinalaw ang iyong mga magulang at dalhin ang iyong pamilya sa kanila.

Normal lang ba ito? Katanggap tanggap  ba ito?
Bakit hindi pinuntahan at tinagpo ni Jacob ang kanyang mga magulang kasama ang kanyang pamilya o mga pamilya nang bumalik siya?
Posibleng patay na si Rebeca,
Ngunit kailan nagpunta si Jacob para tagpuin ang kanyang ama kasama ang kanyang pamilya?
Kailangan ba nating sagutin ang mga tanong na ito? Oo, kailangang sagutin ng Simbahan ng Dios ang mga tanong na ito.

Kapag sinagot natin kung kailan siya umalis kasama ng kanyang pamilya at tagpuin ang kanyang ama ay masasagot natin kung bakit hindi siya sumama sa kanyang pamilya upang makilala ang kanyang ama nang makarating siya sa Canaan. Maaring mag isang pumunta si Jacob para bisitahin ang kanyang ama pagkatapos niyang bumalik ngunit hindi kasama ang kanyang pamilya. Ngunit pumunta si Jacob kasama ng kanyang pamilya sa kanyang ama pagkaraan ng sampung taon matapos niyang dumating sa Canaan. ***"27 At naparoon si Jacob kay Isaac na kaniyang ama, sa Mamre, sa Kiriat-arba (na siyang Hebron), na doon tumahan si Abraham at si Isaac." (Genesis 35:27 KJV)*** Bakit kaya matagal niya itong ginawa? Talakayin at ipaliwanag natin:

Una si Jacob ay nanirahan sa Sichem at nanatili roon ng 9 na taon at tama iyon dahil si Dina nang dumating siya ay anim na taong gulang at nilapastangan, kaya siya ay nasa gulang ng pag aasawa kaya siya  ay nasa pinakambaba ng14 hanggang 15 taong gulang. Gayundin sina Simeon at Levi nang dumating siya sa Canaan ay 11 hanggang 12 taong gulang at nang salakayin nila ang lungsod ng Sichem ay inakala na mga sapat na gulang na mga lalaki na mga 20 hanggang 21 taong gulang.

Matapos sa Sichem, lumipat si Jacob sa Bethel, at nanatili siya roon ng maikling panahon, pagkatapos lumipat siya mula sa Bethel at sa daan patungong Betlehem si Raquel ay nanganak kay Benjamin at siya'y namatay. ***"19 At namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem). 20 At nagtayo si Jacob ng isang batong pinakaalaala sa ibabaw ng kaniyang libingan: na siyang batong pinakaalaala ng libingan ni Raquel hanggang ngayon.'" (Genesis 35:19-20 KJV)*** Sa pagkamatay ni Raquel dahil sa paligsahan sa pagitan ni Lea at Raquel ay tumigil kaya malamang ay hinila ni Lea mula kay Jacob ang kanyang alilang si Zilpa, dahil hindi na kailangang magkaroon pa ng mga anak. Dapat maunawaan ni Jacob ang sinasabi ng Dios na kailangan niyang magpatuloy kay Lea at iwanan si Bilha ang ibang pang alipin, Ngunit sa palagay ko ay hindi niya pinansin. Pagkatapos noon ay hinayaan ng Dios na mangyari ang isa pang trahedya sa pamilya: ***"21 At naglakbay si Israel at iniladlad ang kaniyang tolda sa dako pa roon ng moog ng Eder. 22 At nangyari, samantalang tumatahan si Israel sa lupaing yaon, na si Ruben ay yumaon at sumiping kay Bilha, na babae ng kaniyang ama; at ito'y nabalitaan ni Israel. Labing dalawa nga ang anak na lalake ni Jacob." (Genesis 35:21-22 KJV)*** Ang tanong dito, bakit ginawa iyon ni Reuben? Masasagot natin ito sa ganitong paraan: Ang ama ay may apat na asawa, walang disiplina at walang takot sa Dios, ginagawa ang gusto niya, kaya ginawa rin ng anak ang gusto niya. Ang ama ay may dalawang hiwalay at muling nag asawa kaya ano ang inaasahan mo sa mga anak? Ang parehong diborsiyo at muling pag aasawa. Ang ina ay may dalawang asawa at naghahanap ng ibang lalaki, kaya ano ang inaasahan mo sa mga anak? Ganoon din ang gagawin at pagkakaroon ng imoralidad.

Sa nangyari sumiping si Ruben kay Bilhah sigurado iniwan siya ni Jacob at nanatili kay Lea na mag isa. Pakinggan na binanggit sa ***Genesis 35:22***, na ang mga anak ni Jacob ay labindalawa, at ang ***Genesis 35:23-26*** ay isulat lamang ang tungkol sa labindalawang anak na iyon at sa kanilang mga ina, at walang ibang pangyayaring binanggit pagkatapos ng pangyayaring iyon ni Ruben kay Bilha maliban sa pagdating ni Jacob at ng kanyang pamilya kay Isaac na kanyang ama, ***"27 At naparoon si Jacob kay Isaac na kaniyang ama, sa Mamre, sa Kiriat-arba (na siyang Hebron), na doon tumahan si Abraham at si Isaac." (Genesis 35:27 KJV)*** Ang Hindi sa mga Judiong manunulat o komentarista ang nagsalita kung bakit hindi sumama si Jacob sa kanyang ama kasama ang kanyang ama nang dumating siya sa Canaan, ngunit maaaring dinalaw niya ang kanyang ama nang wala ang kanyang pamilya. Malamang, at ito ang aking paliwanag, hindi siya sumama sa kanyang mga pamilya sa kanyang ama dahil nahihiya o natatakot siya na maaring sawayin siya ng kanyang ama matapos makilala ang kanyang apat na asawa. Ngunit ngayon ay nagawa na niyang bumalik sa kanyang ama na itinanghal sa kanya ang kanyang tanging unang asawa si Lea habang ang iba pang dalawang alipin pinaka malamang ay hindi na ginagawa bilang mga asawang idinagdag doon sa pagkamatay ni Raquel, at kaya ang tatlong iyon ay bahagi ng kanyang nakaraang buhay at sa tingin ko na ang kanyang buhay sa gayong kinalabasan ay katanggap tanggap na maiharap kay Isaac at si Jacob sa yugtong iyon ng kanyang buhay ay magagawang iharap ang kanyang pamilya sa kanyang ama. Sa gayong paglilinis ni Jacob sa imoralidad mula sa kanyang maraming asawa ay angkop na bumalik sa kanyang ama at isinama muli sa simbahan.

Ang pagkamatay ni Raquel ang nagbigay ng kaibahan. Hinayaan ng Dios na mamatay siya para linisin si Jacob mula sa kanyang imoralidad. Pagkatapos ng kamatayan ni Raquel siya ay naiwan kay Lea, na siguradong inalis si Zilpa na kanyang alilang babae mula sa kanya pagkatapos ng pagkamatay ni Raquel, dahil ang kumpetisyon sa kanila ay natapos, at pagkatapos na si Ruben ay pumasok kay Bilha sigurado na iniwan niya ito, at kaya nanatili lamang kay Lea, at iyon ang oras na si Jacob ay nagkaroon ng lakas ng loob na pumunta at makilala ang kanyang ama na si Lea ang kanyang unang asawa at humiwalay sa dalawa mga pang alipin. Walang ibang dahilan na hadlang sa kanya upang dalhin ang kanyang pamilya sa kanyang ama maliban sa kanyang maraming asawa na tatanggihan ni Isaac habang pinagbilinan niya ito na mag asawa sa isang asawa at hindi sa mga asawa.

Ang nagpapatunay din sa pananaw na ito ay nang makilala niya si Esau na nag anyaya sa kanya na sumama sa kanya sa bundok ng Seir, madaling naidahilan ni Jacob ang kanyang sarili sa kanyang kapatid na kailangan muna niyang pumunta at tagpuin ang kanyang ama ngunit hindi niya sinabi iyon dahil maaring hindi makapunta at makatagpo si Isaac kasama ang naturang pamilya na may apat na aktibong asawa sa isang lalaki.

Tulad ng sinabi ko dati ang Bibliya ay may mga panahong nagsasalaysay sa inyo ng mga pangyayari ngunit hindi niya ibibigay sa inyo ang kanyang opinyon na parang maayos ang lahat, tulad dito nang bumalik si Jaocb sa Canaan ngunit hindi siya agad umalis at isinama ang kanyang mga pamilya upang tagpuin ang kanyang ama, at ang Bibliya ay nanahimik tungkol dito. Ilang taon na ang nakalilipas ay naglahad ang ating General Overseer sa isang pangkat sa facebook para sa mga ministro ng simbahan, at binanggit niya na ang Simabahan ng Dios ay pinili kasama ang iba pang 150 simbahan at ang kanilang mga lider na inimbitahan ng pangulo ng USA, at iyon ay isang magandang okasyon, at tinanong siya ng ilang mga lider kung bakit hindi niya ginamit ang pagkakataon na humingi sa pangulo ng isang bagay para sa Simbahan ng Dios, At sinabi niya na kinausap lang siya nito habang nagsasalita ang ibang lider at wala siyang hinihingi sapagkat wala nang oras para doon, at sinabi niya sa Pangulo na ipinagdarasal nila ang kanyang mga pamilya. Ang sinasabi niya na hindi angkop ang okasyon para humingi ng materyal na bagay, at tama siya. Ngunit para sa akin hindi ko matanggap o lunukin ang sinabi niya, na ipinagdarasal nila ang kanyang mga pamilya, dahil may tatlong pamilya na ang pangulo matapos ang dalawang beses na diborsyo at muling pag aasawa. Nagkomento ako sa pahayag at nagsulat, wala ba sa inyo ang katulad ni Juan Bautista at sinabi sa pangulo na labag sa batas na mag asawa kayong muli sapagkat buhay pa ang inyong unang asawa, at nagdagdag ako ng ilang Banal na Kasulatan upang suportahan ang sinabi ko. Walang sumasagot sa pagpuna ko dahil ayon sa Kasulatan ay tama ito at hindi nila ito kayang tutulan, pero walang gusto rin. Nang sabihin niya ito, ipinagdarasal namin ang inyong mga pamilya, na para bang hindi niya alam na kasalanan ang magdiborsyo at mag asawang muli, dahil pinahintulutan nila ang kasalanang iyon at ito ay katanggap tanggap sa kanila at hindi nila nakikita na may mali dito.

Hindi kaagad pumunta si Jacob upang tagpuin ang kanyang ama dahil siya ay nahihiya sa kanyang ama ng kung anong kailangan niyang gawin bilang pagbali niya sa utos ng kanyang ama sa pag aasawa ng apat sa halip na isa. Makinig ka sa akin hindi nating kailangan magisip nang higit. Ang utos ng Dios ay isang asawa para sa lalaki gaya ng sinasabi sa Genesis, ***"24 Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman." (Genesis 2:24 KJV)*** Sinabi ng Dios ***"at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman."*** at hindi mga asawa, Ginawa ng Dios ang isang babae para kay Adan at nabuhay siya kasama niya sa lahat ng kanyang buhay nang higit sa 900 na mga taon.

Ngayon kung sa tingin mo o ng iba ay mahigpit na pagkondena sa diborsyo at muling pag aasawa o hindi pagpapahintulot sa solong magulang na mag asawa muli habang buhay pa ang ama o ang ina ng kanilang mga anak ay dahil nakikita mo ang iba na tinatanggap ito. Ngunit hindi iyan ang tamang paraan upang makita ang mga ganoong bagay. Simbahan ng Dios ang tamang paraan ay ang mga sumusunod: kung kayo ay sumasang ayon tungkol sa muling pag aasawa pagkatapos ng diborsyo o pagkakaroon ng ibang kabiyak habang buhay pa ang ama o ang ina ng inyong mga anak kung gayon ay ilagay sa inyong isipan na ang mga sumusunod ay mangyayari sa inyo tulad ng nangyari kay Jacob at sa kanyang mga pamilya:

1. Ang anak mo ay lalapastangin o gagahasain tulad ng nangyari kay Dina.
2. Ang asawa mo o ikaw kung babae ka ay mamamatay sa paghahatid tulad ng nangyari kay Raquel
3. Ang iyong anak na lalaki ay matutulog sa iyong asawa tulad ng pagtulog ni Ruben kay Bilha, o ang iyong asawa ay matutulog sa iyong anak na babae.

A
ng lahat ng ito ay nakita ko sa Banal na Kasulatan at sa katotohanan. Simbahan ng Dios ito ay isang makatarungang pagtingin sa mga bagay bagay, kung gusto mo ng gayon kung gayon magpatuloy ngunit gawin ito sa labas ng simbahan at hindi sa ilalim ng aking pamumuno, dahil hindi ko nais na pumunta sa impiyerno.

Ang panggagahasa kay Dina, ang pagkamatay nina Raquel at Ruben ay natulog sa tabi ni Bilha ay hindi magaganap kung nakinig si Jacob sa tagubilin ni Isaac at mag asawa sa isang asawa. Ang aking puso ay masakit at ang aking mga mata ay puno ng luha habang inihahanda ko ang mensaheng ito. Kung suwayin mo ang utos kung gayon ay tanggapin ang mga kahihinatnan nito tulad ng nakasaad sa itaas. Kaya ngayon malinaw kung paano ang kinabukasan ng iyong mga anak ay nasa iyong kamay.

Patuloy nating sasabihin ang tungkol sa iba pang mga sakit at pinsala na nalantad kay Jacob nang siya ay ipadala sa Haran, lalo na siya ay nag iisa at inilagay sa ilalim ni Laban.

***3. Pagsamba sa dios-diosan:*** Ang pagpapadala kay Jacob sa Haran ay nagdala ng mga dios-diosan sa pamilya ni Abraham, ***“19 Si Laban nga ay yumaon upang gupitan ang kaniyang mga tupa: at ninakaw ni Raquel ang mga larawang tinatangkilik ng kaniyang ama.” (Genesis 31:19 KJV) “34 Nakuha nga ni Raquel ang mga larawan, at naisiksik sa mga daladalahan ng kamello at kaniyang inupuan. At inapuhap ni Laban ang buong palibot ng tolda, nguni't hindi niya nasumpungan.” (Genesis 31:34 KJV)*** Isa sa mga dahilan kung bakit ginamit ni Laban sa pagtugis kay Jacob at inakusahan siya na kinuha ang dios sa kanya. Si Raquel na pangalawang asawa ni Jacob nang siya ay tumakas kasama si Jacob ay dala dala ang mga dios-diosan ng kanyang ama, at ang mga ito ang dahilan kung bakit ang pagsamba sa mga dios-diosan ay napunta sa pamilya ni Jacob. Lumabas na si Abraham mula sa kapaligirang iyon ng pagsamba sa mga dios-diosan nang sundin niya ang tawag ng Dios sa kanyang buhay, ***“1 Sinabi nga ng Panginoon kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo; 2 At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran; 3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. 4 Kaya't yumaon si Abram, ayon sa sinalita sa kaniya ng Panginoon; at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may pitong pu't limang taon, nang umalis sa Haran. 5 Isinama ni Abram si Sarai na kaniyang asawa, at si Lot na anak ng kaniyang kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang mga taong kanilang nakuha sa Haran; at nagsialis upang pasa lupain ng Canaan; at dumating sa lupain ng Canaan. ” (Genesis 12:1-5 KJV)*** Si Abraham ay nakagawa na ng isang mabuting gawain at pinutol ang mga dios-diosan mula sa kanyang buhay at mula sa kanyang pamilya, ngunit ngayon nang ibalik ni Isaac si Jacob sa lugar na iyon ay dinala niya pabalik ang pagsamba sa mga dios-diosan na nasa lumang pamilya ni Abraham. Kapag bumalik ka o ipinadala ang iyong mga anak sa iyong mga dating lugar mula sa kung saan ka nanggaling kung gayon ay inilalantad mo ang mga ito sa lumang relihiyon at ang mga dios-diosan na nilinas ka na.

Ang maling pag aasawa at maling kabiyak at magdadala ng pagsamba sa dios diosan sa bagong pamilyang binuo at sa simbahan. Ang mga dios-diosan ni Raquel na dinala niya ay patunay na hindi siya ang hinirang ng Dios na asawa para kay Jacob kundi si Lea. Ang mga epekto ng pagsamba sa mga dios-diosan na dinala ni Raquel ay mababasa natin nang sinabihan ni Jacob ang kanyang mga anak na itapon ang kanilang mga dios nang sila'y papaalis na sa Shechem na pumunta sa Bethel sa loob ng siyam na taon matapos niyang bumalik mula sa Haran, ***“2 Nang magkagayo'y sinabi ni Jacob sa kaniyang sangbahayan, at sa lahat niyang kasama. Ihiwalay ninyo ang mga dios ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo, at magbago kayo ng inyong mga suot: 3 At tayo'y magsitindig at magsisampa tayo sa Bethel; at gagawa ako roon ng dambana sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran. 4 At kanilang ibinigay kay Jacob ang lahat ng ibang pinaka dios na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa kanilang mga tainga; at itinago ni Jacob sa ilalim ng punong encina na malapit sa Sichem.” (Genesis 35:2-4 KJV)*** Hindi pinayagan ni Abraham ang kanyang lingkod na ibalik ang kanyang anak na si Isaac doon sa Haran dahil sa ganoong dahilan din na hindi na babalik si Isaac sa pagsamba sa mga dios-diosan, ngunit nagkamali si Isaac

na ipadala si Jacob sa isang lugar na tinanggihan siya ni Abraham na pumunta roon. Kaya hindi lamang si Rebeca ang gumawa ng mali kundi pati na rin si Isaac. Ang gusto kong sabihin ay ito: Kung ang iyong asawa ay gumawa ng isang bagay na mali kung gayon ay mag ingat ka at huwag gumawa ng mali. Gayundin kung may ginawang mali ang asawa mo kung gayon mag ingat ka at wag kang gagawa ng mali.

Gayundin si Josue ay nagsalita at nagbabala sa mga Israelita tungkol sa mga dios-diosan din na pinag uusapan natin dito nang sabihin niya sa mga Israelita bago siya mamatay kung hindi sila handang maglingkod sa Dios kung gayon maaari silang pumili ng ibang mga dios at isa sa mga pagpipilian na ibinigay niya sa kanila ay ang mga dios na sinasamba ng kanilang mga ama sa Mesopotamia na siya ring mga dios na ninakaw ni Raquel at dinala niya, ***"15 At kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa Panginoon, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglingkuran sa dako roon ng Ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ay inyong tinatahanan: nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon." (Joshue 24:15 KJV)*** Ang agenda sa pagitan ni Raquel ay ninakaw ang mga dios-diosan sa panahon ni Josue nang sinalita ang gayon na umabot sa 295-300 taon. Samakatuwid tayo ay may pananagutan na protektahan ang ating mga anak mula sa pagsamba sa dios-diosan, at kailangan nating mag ingat na huwag hayaang bumalik ang ating mga anak at mamuhay sa gayong kapaligiran at mag isa, na nabubuhay tayo bago natin makilala si Cristo, kung hindi man ay pupunta sila sa mga dios-diosan na nasa ating buhay noon.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Dagdag pa, ang kailangang sabihin dito, na kung lumabag ka sa utos ng Dios, kung gayon ay maging handa na makagat ng ahas. May mga Kasulatan na kailangang sundin at ipamuhay sa buhay. Huwag subukang maging matalino at ayusin ito ayon sa iyong mga kagustuhan, ang gayon ay hindi gagana ngunit tanging magdudulot sa iyo ng mga kaguluhan. Kaya samantalahin ang pagkakataon ngayon, maging masigasig at magsisi dahil ang kinabukasan ng iyong mga anak ay nasa iyong kamay. Lumapit sa Dios, ibigay ang iyong buhay sa kamay ng Magpapalayok at hayaan Siyang hubugin ka at hubugin ka sa paraang nais Niyang maging ka.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa aral na tinanggap Ko sa mensaheng ito. Panginoon, salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid, sa pagsaway at sa mga pagpapayo na tinanggap Ko sa mensaheng ito.*

*Magsisi ngayon at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong pagsaway, at katigasan ng ulo sa kawalang kahandaang magsisi sa iyong mga kasalanan. Magsisi sa paggawa ng mga bagay ayon sa iyong sariling kagustuhan at plano at hindi ayon sa kalooban at plano ng Dios. Magsisi sa iyong pagnanasa, sa iyong imoralidad.*

*Magsisi ka sa pagsamba mo sa dios-diosam mo at bumalik sa dating buhay na pinagbawalan ka ng Dios na balikan. Magsisi at talikuran ang iyong kawalan ng takot sa Dios sa iyong buhay, ang iyong kawalan ng panalangin at pagbabasa ng Bibliya. Magsisi at talikuran ang iyong kawalang ingat upang kunin ang buong responsibilidad para sa iyong mga anak sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila palayo sa iyo sa mga mapanganib na lugar at ilagay ang mga ito sa mga mapanganib na tao. Magsisi sa pakikisama sa mga hindi mananampalataya at paglalaan ng maraming oras sa iyong mga kaibigan, at sa Media. Magsisi at talikuran ang pagiging masamang halimbawa at masamang patotoo sa iba, at ang iyong hindi pagpapayag na baguhin ang iyong mga paraan at bumalik sa Dios at maglingkod sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako at tinatanggihan ang mga sumusunod na kasalanan* ______________________________ .

*Panginoon ipinangak na magbagong isip at itigil ang paggawa ng mali alam ko na hindi mo ako pagpapalain at pagpapalain ang aking mga inapo at disipulo kung gagawin ko ang mga ito. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay sa iyo at handa tanggapin ang pagwawasto. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na ituro sa aking pamilya at mga anak ang iyong Salita at ang iyong mga landas. Panginoon nagtitiwala ako sa iyo na sa pagsunod ko sa iyo at pagpapalaki sa aking mga anak sa takot sa iyo na ibibigay mo ang magandang kinabukasan sa aking mga anak at poprotektahan at ibibigay ang kanilang pangangailangan.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na napagtanto ang kanilang mga kasalanan at nagsisi sa kanilang mga maling gawa. Panginoon maawa ka sa kanila at sa kanilang mga anak. Lord panumbalikin sila at tulungan sila na maging mabuting halimbawa sa iba na tularan ka. Panginoon patuloy na ipadala ang iyong Salita upang maliwanagan ang isip ng mga tao upang makita nila ang masamang epekto ng kanilang mga kasalanan sa kanilang mga anak na maaaring magsisi at baguhin ang kanilang mga paraan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kaming magpatuloy na ipahayag ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon pagpalain mo ang aming ministerio at magdala ng mga*

*bunga na nais mong makita sa buhay ng mga tao na inaabot namin at miniministerio. Panginoon patnubayan mo kami ng Banal na Espiritu na yumaon at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na yumaon at magtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami ng kapaypaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon kunin ang mensahe at ikalat ito upang dalhin ang mga bunga na iyong ninanais. Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagdating upang sumama sa iyo sa iyong pagdating. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kama at ilayo kami sa pinsala upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 5. Genesis 31:18, 30. Genesis 35:19-20, 21-22, 27. Genesis 2:24. Genesis 31:19, 34. Genesis 12:1-5. Genesis 35:2-4. Josue 24:15.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com